

Ang Islam ba ay Kumikilala sa Demokrasya?

Mayroon tayong mas mainam sa demokrasya - ang sistema ng Shura.

Ang demokrasya ay kinukuha ang opinyon ng lahat, kahit na walang karanasan, edad, o karunungan ang isang tao, at pinapantay ang kanilang opinyon sa paggawa ng desisyon. Ang Shura naman ay kinikilala ang karunungan at karanasan ng matatanda at mga eksperto sa paggawa ng mga tamang desisyon.

Ang Shura ay: ang pagkonsulta sa mga nakatatanda at mga may karanasan kung ano ang tama o hindi tama.

Ang pagkakaiba ay napakalinaw. Ang pinakamalaking patunay ng depekto sa demokrasya ay ang pagbibigay ng legalidad sa ilang mga bansa para sa mga bagay na labag sa kalikasan, relihiyon, at mga kaugalian, tulad ng homoseksuwalidad at usura, dahil lamang sa nakakuha ng mayorya sa botohan. Dahil sa maraming boto na sumusuporta sa moral na paglihis, ang demokrasya ay nakatulong sa paglikha ng mga lipunang walang moralidad.

Ang pagkakaiba sa pagitan ng Shura ng Islam at demokrasya ng Kanluran ay nasa pinagmumulan ng soberanya sa paggawa ng batas. Ang demokrasya ay nagbibigay ng soberanya sa paggawa ng batas sa mga tao at bansa, samantalang ang Shura ng Islam ay nagbibigay ng soberanya sa mga batas ng Lumikha na ipinahayag sa Sharia. Ang Sharia ay hindi isang gawa ng tao. Ang tao ay may kapangyarihang bumuo ng mga batas na batay sa Sharia at gumawa ng desisyon sa mga bagay na hindi nasasaklawan ng banal na batas, sa kondisyon na ang mga batas ng tao ay nananatiling nasa loob ng balangkas ng halal at haram na batas.

سؤال وجواب حول الإسلام

Source: <https://islam.contact/qa/tl/show/76/>

Arabic Source: <https://islam.contact/qa/ar/show/76/>

Friday 17th of April 2026 08:17:11 PM